Tinang ang Orihinal na sipi para paaprubahan :

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

MUNICIPAL BUDGET OFFICE RECEIVED JUN 08 1989 MUNTINLUPA, M.M. 10:38 a.m.

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-100 -A

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PANGUNANG SUPPLEMENTAL BUDGET SA CALENDAR YEAR 1989 SA ILALIM NG GENERAL FUND SA HALAGANG TATLONG DAAN PITUMPU'T APAT NA LIBONG PISO (₱374,000)ALINSUNOD SA PAGKAKASUNOD NA PAGKAKAGASTUSAN: ISANG DAAN PITUMPU'T APAT NA LIBONG PISO(₱174,000) HALAGANG PANGGASTOS SA MGA HUWES AT MGA TAGA-USIG NG UNANG DULUGAN NG RIZAL, MAKATI SA HALAGANG ₱500.00 BAWAT ISA BUWAN-BUWAN;(KAPASIYAHAN BLG. 89-79);DALAWANG DAANG LIBONG PISO (₱200,000) PARA SA PROGRAMA SA PAGPAPAHIRAM SA BIGLAANG PANGANGAILANGAN (EMERGENCY LOAN PROGRAM) PARA SA MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang paglalaan ng pananalapi para sa nabanggit na Laang-Gugulin ay alinsunod sa mga gagampanan at ginawang gawain sa Pamahalaang Bayan;

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay isinasabatas ang Laang-Gugulin-Kautusang Bayan:

LAANG-GUGULIN-KAUTUSANG BAYAN BILANG 89-01
(Appropriation Ordinance No. 89-02)

ISINASABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NA :

TALATA I - "Supplemental Budget No. I para sa taong 1989 sa ilalim ng General Fund sa halagang Tatlong Daan Pitumpu't Apat na libong piso(₱374,000) alinsunod sa pagkakasunod-sunod na pagkakagastusan: Isang Daan pitumpu't apat na libong piso(₱174,000) halagang panggastos sa mga Huwes at mga Taga-usig ng Unang Dulugan ng Rizal, Makati, Kalakhang Maynila sa halagang ₱500.00 bawat isa buwan-buwan(Kapasiyahan Blg.89-79); Dalawang Daang Libong Piso (₱200,000) para sa programa sa pagpapahiram sa biglaang pangangailangan (Emergency Loan Program) para sa mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

MAYOR'S OFFICE:(PROPER)

| | |
|---|---|
| PERSONAL SERVICES : | ₱374,000.00 |
| Incentive Allowance - Allowances for RTC Judges and Fiscals | ₱174,000.00 |
| Emergency Loan for Employees - Emergency Loan Program | 200,000.00 |
| TOTAL FOR MAYOR'S OFFICE | ₱ 374,000.00 |
| TOTAL PROPOSED APPROPRIATIONS | ₱ 374,000.00 |

TALATA II- Ang Laang-Gugulin-Kautusang Bayan na ito ay magkakabisa kaagad.

PINAGPASIYAHAN MULI ANG SIPI NITONG KAPASIYAHAN kasama ang pinagtibay na badyet ay ipaabot sa Komisyon ng Kalakhang Maynila, Kagawaran ng Pamahalaang Lokal,Pambayang Ingat-Yaman at Pambayan Pinuno ng Badyet.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMING KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN sa kanilang pang limampu't walong pangkaraniwang pulong noong ika-22 ng Mayor 1989

PINATUTUNAYANG TOTOO:

Mggl.IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**Pahina - 2 -**
**Kapasiyahan Bilang 89-100 -A**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal**

**Kgg. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA**
**Konsehal**

**Kgg. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**Kgg. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**Kgg. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**Kgg. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**Kgg. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**Kgg. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

PINAGTIBAY : Mayo 22, 1989